Republic of the Philippines
# Department of Education
**Region IV-A**
SCHOOLS DIVISION OF QUEZON PROVINCE

## DIVISION ADVISORY NO. 037, s. 2020

September 14, 2020

In reference to the letter of UP Lipunang Pangkasaysayan, Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, Lungsod Quezon, this advisory is issued for the information of all Public Schools District Supervisors, Public and Private Elementary and Secondary School Heads and All Others Concerned

**UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN (U.P.LIKAS) "HUNAGAY: PAGSASAKASAYSAYAN NG PANGANGALAGA SA KALUSUGANG PILIPINO"**

The U.P. Lipunang Pangksaysayan ((U.P. LIKAS) will conduct a 29th National Conference titled "HUNAGAY: Pagsasakasaysayan ng Pangangalaga sa Kalusugang Pilipino" (Hunagay: Contextualizing Health in Filipino History and Culture) on October 24,30 and November 7, 2020.

For more information, please refer to the attached communication.

eab

**ELIAS A. ALICAYA, Jr.**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

DepED Quezon
DEPED - QUEZON ICT UNIT
UPLOADED
Date/Time: SEPT 15, 2020
By: Cristell 6:50 PM
Ref. No.: DA 037, s. 2020

cid-ims/wfg/rqn/09/14/2020

2954661

Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
GATE 2, KARANGALAN VILLAGE
1900 CAINTA, RIZAL

**Office of the Regional Director**

September 3, 2020

**To: Schools Division Superintendents**

Dear Superintendents,

This pertains to the letter from **U.P Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS)** informing this Office about the conduct of the 29th National Conference titled **"Hunágay: Pagsasakasaysayan ng Pangangalaga sa Kalusugang Pilipino"** (Hunagay: Contextualizing Health in Filipino History and Culture) on **October 24, 30 and November 7.**

If participation in the above-mentioned activity of teaching and/or non-teaching personnel from your Division is deemed necessary, please be reminded of the following conditions:

1. that the Schools Division Office be informed, in writing, of participation to said activity;
2. participation/attendance is on a voluntary basis;
3. expenses to be incurred by the participants shall be on a personal basis or sourced
   from a legitimate local government unit donor;
4. strict observance of time-on-task policy; and
5. strict compliance to no disruption of classes policy of the Department.

Please be guided accordingly.

Very truly yours,

**WILFREDO E. CABRAL**
Regional Director

SDS OFFICE
RECEIVED
15 SEP 2020
Date/Time:
By:

CID
RECEIVED
Date/Time SEP 07 2020
By:

**Hunágay: Pagsasakasaysayan ng Pangangalaga sa Kalusugang Pilipino**
**Ika-29 na Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan**
**24, 30 Oktubre, at 7 Nobyembre 2020**

## KONSEPTONG PAPEL

Hangarin ng UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS), bilang natatanging organisasyong pangkasaysayan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ang pagsusulong ng isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan. Isinasakatuparan ng UP LIKAS ang layunin nitong pagbuklurin ang mga mag-aaral, dalubhasa, at mga may hilig at interes sa kasaysayan sa taunang pagsasagawa ng Pambansang Kumperensiya. Noong nakaraang taon, matagumpay na idinaos ang kumperensiya na pinamagatang "Puloy-an: Pagbuo at Pagtatanggol sa Teritoryong Pilipino" na sinuri ang konsepto ng teritoryo mula sa pagkakabuo nito, mga dulot nito sa mga aspeto ng lipunan, at ang patuloy na pakikibaka para sa soberanya.

Ngayong taon, inihahandog ng UP LIKAS ang ika-29 na pambansang kumperensiyang may pamagat na **Hunágay: Pagsasakasaysayan ng Pangangalaga sa Kalusugang Pilipino.** Ang *Hunágay* ay isang salitang Hiligaynon para sa pagbabalik ng kaginhawaan matapos makaranas ng sakit. Napili ito upang katawanin ang layunin ng kumperensiya na bumuo ng bago at mas malalim na pag-intindi sa kasalukuyang lagay ng kalusugang publiko at medisina sa bansa sa kalagitnaan ng lumalalang krisis pangkalusugan gamit ang lente ng kasaysayan. Bilang pagkilala sa mga ipinapatupad na patakaran at para sa kaligtasan ng lahat, isasagawa ang mga diskusyon sa online na pamamaraan. Matutunghayan sa serye ng tatlong araw ang kasaysayan ng medisina at kalusugan sa bansa magmula noong sinaunang panahon hanggang sa mga kontemporaryong usapin. Ang bawat araw ay hahatiin sa pang-umaga at panghapon na sesyon. Bubuksan ang talakayan sa umaga ng plenaryong susing pananalita samantalang sabay-sabay na gaganapin ang iba't-ibang lektura na magpapalalim sa suri ng nakatakdang panahong pag-uusapan sa bawat araw.

Itatampok sa unang araw ang simulain ng kalusugan at medisina sa katutubong lipunang Pilipino. Susulyapan dito ang lalim ng ugnayan sa pagitan ng mitolohiya, at maagang pag-unawa sa sanhi ng mga karamdaman, lunas, at kagalingan ng katawang pisikal maging espirituwal. Sisiyasatin din maging ang mga konsepto at kaugaliang nakaugat sa katutubong kultura na patuloy pa rin na natutunghayan at nararanasan sa kontemporaryong kulturang Pilipino. Sunod namang susuriin sa ikalawang araw ang mga mahahalagang salik na naganap noong panahong kolonyal na huhubog sa mga sistemang pangkalusugang publiko na nakakiling sa siyensyang kanluranin. Gayundin, ipapakilala ang ilang porma ng tradisyunal at alternatibong medisina na nakabase sa katutubong karunungan at ang naging impluwensiya ng dalawang kasanayang mula sa magkasagupang paniniwala sa isa't-isa. Pagtutuunan naman ng pansin sa huling araw ang mahahalagang usaping pangkalusugan na nakakaapekto sa lipunan ngayon. Primaryang pokus dito ang lagay ng sistemang pangkalusugang publiko ng bansa at ang laganap na kawalan ng pantay na kakayahang makapagkamit ng

serbisyong pangkalusugan. Kabilang din sa diskusyong ito ang kasalukuyang lagay at kahalagahan ng alternatibo at tradisyunal na medisina sa pampublikong kalusugan lalo na sa panahon ng pandemya.

Makakasama sa kumperensiyang ito ang pananaliksik, hindi lamang ng mga akademiko at propesor ng kasaysayan at mga agham panlipunan kung hindi maging ang mga dalubhasa sa larangan ng kalusugang publiko at medisina na magsisilbing sanggunian ng mga gaganaping diskusyon. Natatanaw ng organisasyon na ipapamalas ng mga delegadong mag-aaral, guro, at mga may interes sa kasaysayan mula man sa loob at labas ng pamantasan ang kanilang buong siglang pagdalo at pakikiisa upang mapalawak ang pag-unawa sa kalusugang Pilipino at kahalagahan ng pag-aaral ng kasaysayan. Bagamat mahahadlangan ang ganap na pagtulad sa naging karanasan ng mga nakaraang kumperensiya ay lubos pa rin na pagsusumikapan ng UP LIKAS na magampanan ang pagnanais nitong magtaguyod at magsabuhay sa kaalaman at kamalayang pangkasaysayan.

**ENTITY PROFILE/GENERAL INFORMATION SHEET**

| 1. Name of Company/Association/Institution/Organization: | |
|---|---|
| U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) | |
| 2. Office Address: | |
| Palma Hall, Roxas Avenue, University of the Philippines-Diliman, Quezon City | |
| 3. Contact Person/s:<br><br>Carlos Joaquin R. Tabalon<br>Josua B. Camo | 4. Designation/Position:<br><br>Tagapangulo<br>Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| a. Contact No/s.:<br><br>0917 846 1108<br>0966 612 3465 | b. Mobile Phone No/s.:<br><br>0917 846 1108<br>0966 612 3465 |
| 5. Email Address/es: | uplikas@gmail.com |
| 6. URL/Website: | http://www.uplikas.wixsite.com/uplikas |
| 7. Social Media Account/s: (Facebook, Twitter, among others) | http://www.facebook.com/uplikas ; http://www.twitter.com/uplikas ; http://www.instagram.com/uplikas |
| 8. Nature of the Company/Association/Institution/Organization (Narrative Description):<br><br>U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) is an academic organization of students based in the University of the Philippines-Diliman that promotes critical thinking in the study of history as well as greater awareness of Filipino culture and society. | |
| 9. Mission:<br><br>The primary goal of the organization is to forward a critical and a more meaningful and relevant study of history. | |
| 10. Vision:<br><br>As an academic organization, it aims to spearhead lecture series, conferences, seminar-workshops, symposiums, and all other related academic gatherings. It is our commitment to bring the organization to a higher sense of scholarly involvement that shall embody the organization's principle to promote historical consciousness not only to the U.P. community but also to the Filipino people. | |
| 11. Accreditation/Certificates/Permits (Enclosed copy/ies): | |
| ☐ Certificate of Accreditation from the Philippine Regulation Commission (PRC)<br>☐ Civil Service Commission (CSC) Institute Accreditation Certificate<br>☑ Certificate of Permit from the Dean or Head of Student Affairs Office<br>☐ Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB) | ☐ Securities and Exchange Commission (SEC) Registration<br>☐ Department of Trade and Industry (DTI) Business Certificate<br>☐ Republic Act (RA) Number and Content if government agency/institution |
| Learning and Development Plan for the Participants Continuous Programs, Activities and Projects (PAPs) (See enclosed format) | |

**U.P. Lipunang Pangkasayayan (U.P. LIKAS)**

## LEARNING AND DEVELOPMENT PLAN FOR THE PARTICIPANTS CONTINUOUS PROGRAMS, ACTIVITIES AND PROJECTS

| Implementation Plan (Schedule) | Title of the Activity* | Objective | Target Participants | Target Date | Proposed/Tentative Venue |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2020-2021 | 1. Ika-29 Pambansang Kumperensiya (History of Public Health in the Philippines) | Provide discussions on the history of health and diseases in the Philippines and show new methodologies and interpretations on the subject. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 24, 30 October 2020 7 November 2020 | Online (via Zoom) |
| | 2. Dap-ayan Lectures | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | October 2020 | Online (via Zoom) |
| | 3. KaKASa Ka Ba? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | February 2021 | Online (via Zoom) |
| UPD A.Y. 2021-2022 | 1. Ika-30 Pambansang Kumperensiya (Philippine Historiography) | Provide discussions on the Philippine Historiography and show new methodologies and interpretations on the subject. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | September 2021 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Dap-ayan Lectures | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | November 2021 | Online (via Zoom) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3. KaKASa Ka Ba? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, NCR | February 2022 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| UPD A.Y. 2022-2023 | 1. Ika-31 Pambansang Kumperensiya (Digital Media, Transmedia and History) | Provide relevant discussions about transmedia and digital media and how history can be written, incorporated, and taught in these new platforms | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | September 2022 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | UP Students | October 2022 | PH 207, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KaKASa Ka Ba? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, Luzon | February 2023 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |

**TRAINING PROGRAM PROPOSAL TEMPLATE**

**(Proponent: U.P. Lipunang Pangkasaysayan)**

Title of the Training: ***Hunágay: Pagsasakasaysayan ng Pangangalaga sa Kalusugang Pilipino*"** (Hunagay: Contextualizing Health in Filipino History and Culture)

Proposed Date and Venue:
October 24, 30 and November 30, 2020; via online steaming through UP LIKAS' and Pambansang Kumperensiya Facebook page (www.facebook.com/uplikas; www.facebook.com/PambansangKumperensiyaUPLIKAS)

Rationale and General Description of the Activity:
This 2020, U.P. Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS) will be holding its 29th National Conference. Throughout the years, the Committee on Education and Research of UP LIKAS has continually made the event an achievement and served as a venue for all undergraduate history students, high school students, and teachers from all over the country to gather.

The 29th National Conference will be held with the theme "***Hunágay: Pagsasakasaysayan ng Pangangalaga sa Kalusugang Pilipino***" (Hunagay: Contextualizing Health in Filipino History and Culture). Due to the safety protocols being implemented, it will be held online, through our event's official *Facebook page*, on October 24, 30 and November 7. Everyone is encouraged and invited to witness this event.

The theme of this year's conference is to provide wider knowledge and understanding towards our national public health due to the health crisis we are facing. This 3-day online conference will discuss the history of medicine and health in the Philippines and the factors which affected the development of the public health system we have in the present.

Specific Objectives of the Activity:

The conference aims to:

a) Use historical, anthropological, sociological, geological, cultural, and economic lens to understand the concept of "health" and "public health" in the Philippine context;
b) Analyze the policies governing health and its economic effects;
c) Discuss the contemporary issues concerning our national public health system and recommendations;
d) Comprehend how the public health is given attention and importance by government units and,
e) Move the audience to call for accountability of concerned parties regarding public health system

Target Participants: College students, High school students, High school teachers, College professors, Researchers, Sociology students, Geography students, Diplomats

No. of Expected Participants: 600-750 participants

No. of Classes to be Organized: 18 classes via online

Funding Source: UPD OICA Grant and Organizational fund

Registration Fee: Php 0

**Key Content and Methodologies:**

| Title of the Session/Content | Objective | Key Learning Points | Methodology | Duration | Resource Person |
|---|---|---|---|---|---|
| Sanhi ng Sakit sa Sinaunang Lipunang Pilipino | Aims to contextualize indigenous Filipino beliefs of disease causation. | Learn how the ancient Filipinos understood disease and how some of these beliefs persist and effect until today. | Lecture | 30 minutes | Prop. Michael L. Tan, DVM, Ph.D. |
| Kalusugan at Kaluluwa | Aims to explore the precolonial relationship between indigenous mythology and early foundations of folk medicine. | Learn how ancient Filipinos up to the arrival of the colonizers treated illnesses through religious rituals. | Lecture | 30 minutes | Prop. Nestor T. Castro, Ph.D. |
| Anting-anting Kontra sa Kapahamakan at Sakit | Aims to discuss the practice of using amulets to protect oneself from disease and injury. | Learn why Filipinos use amulets as protection and relate historical usage to contemporary beliefs | Lecture | 30 minutes | Prop. Bernadette L. Abrera, Ph.D. |
| Karanasan ng mga may Hansen's Disease sa Panahong Kolonyal | Aims to discuss the experiences of people with Hansen's disease during the colonial era. | Learn how people with Hansen's disease were treated during the colonial era and what were the colonial policies aimed towards the containment of this disease. | Lecture | 30 minutes | Prop. Maria Serena I. Diokno, Ph.D. |
| Ang Mga Prayle bilang Manggagamot-Parmasyutiko | Aims to discuss the role of religious orders in the early disease response of the Spanish in the Philippines. | Learn how the Spanish priests interacted with indigenous knowledge of medicine and how this affected early colonial health. | Lecture | 30 minutes | Prop. Arnel E. Joven, Ph.D. |
| Paggamit ng Medisinang Katutubo | Aims to discuss past and current uses of medicinal plants. | Learn how the use of medicinal plants contributed to the development of public health. | Lecture | 30 minutes | Prop. Ma. Mercedes G. Planta |
| Kasanayang Pilipino at Medisina sa Estadong Kolonyal-Matronas Titulares | Aims to discuss the participation of Filipino women in Spanish-era healthcare. | Learn how the matronas titulares became professionalized and what their roles were in public healthcare. | Lecture | 30 minutes | Prop. Maria Luisa T. Camagay, Ph.D. |
| Kasanayang Pilipino at Medisina sa Estadong Kolonyal-Sanhi ng Sakit sa Pangkapaligirang Pananaw | Aims to discuss environmetalist theories in disease causation during the 18th century. | Learn the contributions of Filipino scientists to the study of diseases. | Lecture | 30 minutes | Prop. Kerby C. Alvarez |
| Reporma sa Pamahalaang Espanyol At Medisinang Kolonyal | Aims to discuss the reforms undertaken by the Spanish colonial | Learn the contributions of these reforms to the | Lecture | 30 minutes | Prop. Ruel V. Pagunsan, Ph.D. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | government for public health. | current public health system. | | | |
| Imprastruktura Tungo sa Sanitasyon at Kalusugan sa Huling Bahagi ng Kolonisasyong Espanyol | Aims to discuss public works and infrastructure built during the Spanish era for sanitation. | Learn the importance of these early public works in the preservation of public health. | Lecture | 30 minutes | Prop. Ros Costelo |
| Kalusugan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos-Sanitasyon Tungo sa Pagpapaunlad ng Kalusugang Publiko | Aims to discuss American infrastructure projects in the Philippines designed for sanitation. | Learn how the Americans dealt with the issue of sanitation | Lecture | 30 minutes | Gng. Cristina E. Torres |
| Kalusugan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos-Kasaysayang Institusyonal ng Philippine General Hospital | Aims to discuss the institutional history of the Philippine General Hospital. | Learn how the Philippine General Hospital was founded and its contribution to public health. | Lecture | 30 minutes | Prop. Jerome Ong |
| Kalusugan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos-Karanasan ng Pilipinas sa 1918 Flu Pandemic | Aims to discuss the experiences of the Filipinos during the 1918 Flu Pandemic. | Learn past experiences of the Filipinos with widespread disease and how the colonial government reacted. | Lecture | 30 minutes | Prop Francis Gealogo, Ph.D. |
| Kalusugan bilang Karapatan sa Konteksto ng Krisis Pangkalusugan | Aims to discuss the concept of health as a basic human right. | Learn the importance of health as a human right and how this should be protected. | Lecture | 30 minutes | Prop. Nymia P. Simbulan, DrpH |
| Pagsusuri sa Polisiya ng Pamahalaan Laban sa Pandemya | Aims to discuss the current policies of the government towards pandemic response. | Learn how the government treats the current health crisis. | Lecture | 30 minutes | Dr. Edelina dela Paz |
| Lagay ng mga Manggagawang Medikal sa Pandemya | Aims to discuss the condition of Filipino healthcare workers in the context of a global health crisis. | Learn the struggles of Filipino healthcare workers here and abroad. | Lecture | 30 minutes | G. Robert Mendoza |
| Ekonomiya ng Kalusugan sa Panahon ng Pandemya | Aims to discuss the state of the national economy and how the marginalized respond to the crisis. | Learn the effects of the pandemic to the country and the long-term effects to the economy and lives of the Filipino people. | Lecture | 30 minutes | G. Sonny Africa |
| Kaalaman at Gawaing Katutubo sa Medisina | Aims to discuss knowledge and practices of indigenous Filipinos on medicine. | Learn the importance indigenous medicinal knowledge and practices in public health. | Lecture | 30 minutes | Prop. Leonardo R. Estacio, Ph.D. |
| Paggamit ng Likas na Yaman sa Medisina | Aims to discuss the possible contribution of | Learn the possibilities of using the country's natural resources for the | Lecture | 30 minutes | Prop. Fabian Antonio M. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | natural resources in medicine. | resolution of the health crisis and continued development of public health. | | | Dayrit, Ph.D. |

**List of Trainers/Resource Person/s:** (Enclosed Trainer's/Resource Person's Profile and Supporting Documents)

| **Trainer/Resource Person** | **Qualification** | **Area of Expertise** |
|---|---|---|
| Prop. Michael L. Tan, DVM, Ph.D. | Doctor of Veterinary Medicine, PhD, Medical Anthropology, UP Diliman, Professor, Department of Anthropology, UP Diliman | Medical Anthropology |
| Prop. Maria Dulce F. Natividad, Ph.D. | PhD, Sociomedical Sciences, UP Diliman, Professor, Department of Anthropology, UP Diliman | Medical Anthropology |
| Prop. Bernadette L. Abrera, Ph.D. | PhD, Philippine Studies, UP Diliman, Professor, Department of History, UP Diliman | Philippine Cultural and Social History |
| Prop. Maria Serena I. Diokno, Ph.D. | PhD, H | |
| Prop. Arnel E. Joven, Ph.D. | PhD, History, UP Diliman Assistant Professor, Department of History, University of Asia and the Pacific | History of Medicine and Healthcare |
| Prop. Ma. Mercedes G. Planta, Ph.D. | PhD, History, UP Diliman, Professor, Department of History, UP Diliman | Historical Development of Science, Technology and Medicine in Asia |
| Prop. Maria Luisa T. Camagay, Ph.D. | Doctorat de Troisieme Cycle en histoire, Ecole des Hautes Etudes en Sciences Sociales. Professor, Department of History, UP Diliman | Women's History |
| Prop. Kerby C. Alvarez, Ph.D. | PhD, History, UP Diliman, Associate Professor, Department of History, UP Diliman | Environmental History, Historical Development of Science, Technology and Medicine, Local History |
| Prop. Ruel V. Pagunsan, Ph.D. | Assistant Professor, Department of History, UP Diliman | Environmental History, Historical Development of Science, Technology and Medicine |
| Prop. Ros Costelo | Assistant Professor, Department of History, UP Diliman | History of Spanish Colonial Philippines |
| Prop. Rowena Q. Bailon, Ph.D. | PhD, History of Ideas, University of Texas Assistant Professor, Department of History, UP Diliman | American History |
| Prop. Jerome Ong | History, Associate Professor, Department of Social Sciences, UP Manila | Philippine History, Philippine studies |
| Prop. Francis Gealogo, Ph.D. | PhD in Philippine Studies Professor, School of Social Sciences, Ateneo de Manila University | History of Medicine, Demographic history |
| Prop. Nymia P. Simbulan, DrpH | Professor, Department of Behavioral Sciences, UP Manila | Sociology, Public Health Promotion and Education, Human Rights and Development |
| Dr. Edelina dela Paz | Chairperson, Health Alliance for Democracy (HEAD) | Medicine, Public Health |
| G. Robert Mendoza | Registered Midwife, National President of Alliance of Health Workers | Health worker rights |
| G. Jose Enrique A. Africa | Master's degree in Development Studies, London School of Economics and Political Science. Executive Director, IBON Foundation | Economics |
| Prop. Leonardo R. Estacio, Ph.D. | Professor, Department of Behavioral Sciences, UP Manila | Anthropology, IP rights and indigenous knowledge systems and practices |

| | | |
|---|---|---|
| Prop. Fabian Antonio M. Dayrit, Ph.D. | PhD Chemistry, Princeton University, Professor, School of Science and Engineering, Ateneo de Manila University | Natural Products, NMR Spectroscopy, Environmental Chemistry |

**Management Structure:**

| Role | Name | Terms of Reference |
|---|---|---|
| Program Manager | Carlos Joaquin R. Tabalon | Tagapangulo |
| Training Manager | Jan Kieran B. Elisan | Direktor sa Edukasyon at Pananaliksik |
| Class Manager | Josua B. Camo | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| Logistics Officer | Kyla Camille S. Lim | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan |
| Finance Officer | Ryana Leigh D. Clemente | Direktor sa Pananalapi at Lohistika |
| Welfare Officer | Renzo Miguel S. De Guia | Direktor sa Pangkasapiang Usapin |
| Quality Assurance Officer | John Carlos B. Duque | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob |
| Documenters | Kyla Camille S. Lim, Miguel Q. Torres | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan / Direktor sa Publikasyon at Pamamahayag |
| Secretariat/Administrative Support | Glo Shin Hyo Y. Panuelos | Kalihim para sa Usaping Panlabas |

**Resource Package:**

a. Trainers' Kit: Certificate, honorarium
b. Training Materials (to be provided by the participants): Notepad, pen, Internet connection, gadgets for online streaming
c. Readings for Participants: presentation abstracts
d. Other support materials

**Ang UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)**

Ang U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) ay isang akademikong organisasyon na muling itinatag noong 1988 na nag -aadhikang mapagbuklod ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan; mapalawak at mapalaganap ang kaalaman at kamalayang pangkasaysayan; mapaunlad ang disiplina ng kasaysayan; at higit sa lahat, mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng "isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan" at pagpupunyagi para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan.

Nadalumat ng U.P. LIKAS ang mga adhikaing ito sa pagtunton sa sariling kasaysayan nito — kasaysayang hindi nagsisimula noong 1988 lamang kundi nag-uugat sa mga naunang organisasyong pangkasaysaysan sa Unibersidad ng Pilipinas (U.P.). Noon pa man, may mga itinatag nang organisasyon ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan gaya ng U.P. History Club (1912-Dekada '30); Clio Recognition Society (Dekada '30-'60); U.P. History Club (Dekada '60) at Clio (1970). Naging abala ang mga organisasyong ito sa pagtataguyod ng mga gawaing akademiko na tulad ng lakbay-aral, panggrupong talakayan, lektura-panayam, seminar, simposyum at marami pang iba.

Sa paglaganap ng kamalayang makabayan sa "panahon ng sigwa," unang itinatag ang U.P. LIKAS noong 1971. Sa pamumuno ni Michael Gonzales, unang Pangulo ng U.P. LIKAS, naging hitik sa pakikilahok ang organisasyon sa mga isyu't usaping panlipunan upang maitaguyod ang panlipunang katwiran at kaunlaran. Subalit nang pairalin ang Batas Militar noong 1972, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga ipinagbawal na organisasyong sa U.P. Magkaganito man, bagamat maikling panahon lamang namayagpag ang unang U.P. LIKAS, naging makabuluhan naman ang naging paglahok nito sa samu't saring pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Noong 1973, nang pinahintulutan na muli ang pagkakaroon ng mga samahan sa U.P. sa kondisyong hindi ito "subersibo," isa ang U.P. LIKAS sa pinayagang maitatag muli. Isinakatuparan ang pagbubuong muli ng organisasyon sa pamamagitan ng masigasig na kolektibong pamunuan na kinatawan ni Nilo Ocampo. Muling sumabak ang organisasyon sa pagsasagawa ng mga makabuluhang gawain. Sa mga unang taon nito, binigyang-diin ang mga

gawaing akademiko. Naging tunguhin ng organisasyon ang pagaambag sa kaalaman at kamalayang pangkasaysayan. Nagtaguyod ang organisasyon ng iba't ibang talakayan at simposyum. Naglabas din ito ng opisyal na pahayagan na pinangalanang ang Likas. At higit sa lahat, naglathala ito ng natatanging dyornal pangkasaysayan, ang LIKAS, noong Disyembre 1976 na alay kay William Vincent "Billy" Acuña Begg, bayaning Likasyan na "nagbubo ng dugo para sa isang maaliwalas na kasaysayan ng sambayanan."

Sa mga tagumpay na ito, hindi nangahulugang nalimita ang organisasyon sa mga isyu't usaping akademiko. Patuloy ang masigasig na pakikilahok ng organisasyon sa mga pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo. Itinanghal ang kalayaang akademiko at kapangyarihan ng mag-aaral, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga nakipaglaban para maibalik ang University Student Council (USC). Naging masigasig din ang organisasyon sa mga pagkilos laban sa mga mapaniil na patakaran ng pamahalaan sa ilalim ng Batas Militar. Sa muling paglaho ng organisasyon noong 1980 dahil sa kawalan ng kasapian at pamunuan, ilan sa mga kasapi nito ang aktibo sa kilusang makabayan at sandatahang pakikibaka. Bagamat mayroon pa ring ilang grupong bumuo ng mga organisasyon ng mga mag-aaral sa kasaysayan tulad ng U.P. History Society (HistSoc) noong 1981-1986, masasabing hindi ito nagkaroon ng malawak at malalim na pananaw pangkasaysayan.

Marahil itinakdang magkaroon ng organisasyong pangkasaysayan ang mga mag-aaral ng U.P. sa panahon ng pag-unlad ng "bagong kasaysayan," kung kaya't noong Ikalawang Semestre ng Akademikong Taon 1987-1988, sa pangunguna nina Myra Angeli Gallardo at Elsie Ramos, muling binuhay ang U.P. LIKAS. Sa pamamagitan ng 14 na katao na nagsilbing lupong ad hoc, itinatag ang U.P. LIKAS sa U.P. Faculty Center 2016. Si Ferdinand Llanes ang hinirang na unang Tagapangulo ng muling itinatag na organisasyon. Inilunsad ang organisasyon noong 13 Enero 1988. Kabilang sa mga unang kasapi sina Daisy Apolonio, Patricia Aquino, Enrico Azicate, Ferdinand Conel, Jose Antonio Custodio, Myra Angeli Gallardo, Ferdinand Llanes, Khadija Rosarita Mamorno, Roberto Mata, Patricia Mercado, Pamela Portugal, Rowena Quinto, Elsie Ramos at Ma. Cecilia Samonte. Naging unang Gurong Tagapayo sina Dante Ambrosio at Nilo Ocampo. Pagkatapos ng paglulunsad, pagpursige na ang organisasyon na "pumusisyon sa hanay ng mga mag-aaral at sa buong pamantasan bilang isang organisasyong may mabisang kakayahan na makibahagi sa pagtatadhana ng kabuuang hugis ng kolektibong pamumuhay at galaw sa pamantasan." Kumilos ito tungo sa ikatataguyod ng dakilang adhikaing

mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa diwa ng panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Malayo na rin ang narating ng U.P. LIKAS matapos ang humigit na dalawampung taon mula nang muling itatag ito. Naging matapat at matatag ang organisasyon sa mga adhikain nito na makikita sa mga naging gawain nito sa nakalipas na mga taon. Nagdaos ang organisasyon ng mga exhibit, lakbay-aral, pagpapalabas-pelikula, panggrupong talakayan, lekturapanayam, seminar, simposyum at palihan. Nakipagbuklod din ang U.P. LIKAS sa iba't ibang institusyon na gaya ng U.P. Departamento ng Kasaysayan, College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) at buong U.P. na makikita sa paglahok ng U.P. LIKAS sa Linggo ng Kasaysayan, Kapistahang Asyano, CSSP Organizations Fair (OrgFair), CSSP Week, Lantern Parade, at Alternative Classroom Learning Experience (ACLE). Maraming kasapi na rin ang naging bahagi ng at nanguna sa University Student Council (USC), CSSP Student Council, at ang opisyal na sulat-balitaang pangmag-aaral ng CSSP na SINAG. Patuloy ring nagiging aktibo ang LIKAS bilang bahagi ng Buklod CSSP, UP Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA); gayundin sa CSSP Academic Circle (AcadCircle). Nakikipag-ugnayan rin ang LIKAS sa mga kapwa organisasyong pangkasaysayan bilang tagapagtatag ng Alyansa ng mga pang-Kasaysayang Organisasyong Pang-mag-aaral sa Pilipinas (ANGKOPP) at kasapi ng Local Historical Committees Network (LHCN).

Nakipagbuklod din ang organisasyon sa iba pang pampamantasan at pambansang institusyon at organisasyon tulad ng U.P. Lupon sa Sentenaryo, U.P. Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA), Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (ADHIKA ng Pilipi- nas), Bagong Kasaysayan/Bahay-Saliksikan sa Kasaysayan (BAKAS), Kaisahan para sa Kamalayan sa Kasaysayan (KAMALAYSAYAN), National Historical Institute (NHI) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

Nagtaguyod din ang U.P. LIKAS ng mga gawaing sibiko gaya ng pakikipagtulungan sa Gawad Kalinga at programang "Gib Lab" na naglalayong paligayahin at paglingkuran ang mga kapus-palad lalo na tuwing Kapaskuhan.

Naglathala na rin ang organisasyon ng mga aklat na kinabibilangan ng Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan (1992) na pinamatnugutan nina Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar at Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan (1998) na pinamatnugutan naman nina Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo. Noong Enero 2008, inilathala ang Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan na pinamatnugutan nina Atoy Navarro, Alvin Campomanes at John Lee Candelaria. Noong Agosto 2012 naman inilunsad ang Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo na pinamutnugutan nina Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre.

Higit sa lahat, nagtaguyod na ang U.P. LIKAS ng mga malawakang pambansang kumperensya na dinaluhan ng mga mag-aaral ng kasaysayan mula sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at pamantasan sa iba't ibang panig ng Pilipinas bukod pa sa paglahok ang organisasyon sa samu't saring makabayang pagkilos ng kabataan at sambayanang Pilipino para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan. Tunay na masasabing patuloy na umuunlad ang U.P. LIKAS "tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan."